



DANAS NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO SA BILINGGGUWAL NA EDUKASYON

DOI: 10.5281/zenodo.18912839

Carla E. Celerio

Mandaue City College

<https://orcid.org/0009-0000-5683-2787>

celeriocarla@gmail.com

Maycent Congson

Mandaue City College

<https://orcid.org/0009-0000-5398-6350>

memearriesgado@gmail.com

Rajem T. Igut

Mandaue City College

<https://orcid.org/0009-0009-8602-5869>

rajemigut19@gmail.com

Regie Mark Louie Lauron

Mandaue City College

<https://orcid.org/0009-0003-4093-9565>

lauron.regiemark@gmail.com

Jayraldyn M. Miñoza

Mandaue City College

<https://orcid.org/0009-0001-4282-5006>

mjayraldyn@gmail.com

Abstrak:

Ang bilingguwal na edukasyon ay isang sistema ng pang-edukasyon kung saan ang mag-aaral ay tinuturuan sa kanilang aralin sa dalawang wika o higit pa. Sa Pilipinas, isa sa pangunahing wikang itinuturo sa ilalim ng bilingguwal na edukasyon ay ang Filipino, kasama na ang unang wika. Gumamit ang mga mananaliksik ng isang kwalitatibong pamamaraan na nagpapahintulot na tagapanayam na magtanong sa isang bukas na paraan upang tuklasin ang paksa ng pananaliksik nang mas malalim at upang bigyang-daan ang flexibility ng kinakapanayam na talakayin ang kanilang karanasan nang mas detalyado. Gumamit ng kwalitatibong pamamaraan ang pananaliksik batay kay Husserlian Descriptive Phenomenology upang tuklasin ang karanasan ng Filipino medyor sa edukasyong bilingguwal. Matapos ang masusing pananaliksik napag- alaman, ang paggamit ng bilingguwal na wika sa talakayan ay napapadali ang kanilang pagkatuto sa asignaturang ito. Nagkakaroon din ng malaking ambag ang unang wika sa pagsasanay sa pangalawang wika, upang matamo ang kabuuang pagkatuto sa mag-aaral. Nagkakaroon ng malaking ambag ang unang wika sa pagsasanay sa pangalawang wika, upang matamo ang kabuuang pagkatuto sa mag-aaral. Ilang magaaral din maaaring masanay sa code-switching o pagpapalit ng wika batay sa konteksto, at maaaring makakatulong ito sa kanilang mas malalim na pag-unawa sa Filipino.

Keywords: bilingguwal, code-switching, pangalawang wika, unang wika, danas

Introduksyon:

Ang edukasyong bilingguwal ay isang sistemang pang-edukasyon kung saan ang mag-aaral ay tinuturuan ng dalawa o higit pang-wika sa klase. Sa Pilipinas, ang pangunahing wikang itinuturo sa bilinggual na edukasyon ay ang Filipino, kasama ng L1. Ang pag-aaral ng Filipino sa ganitong sistematikong paraan ay magbibigay sa iyo ng



pagkakataong magkaroon ng malalimang pag-unawa at pagpapahalaga sa iyong sariling kultura at wika. Ang Cebuano, na kilala rin bilang Cebuano o Sugbuhanon, ay isa sa wikang mahalaga ng Pilipinas, kasama ang Tagalog at Filipino. Ang wikang "Cebuano" ay nagmula sa lugar ng Cebu, ito ang pinakamalaking metropolitan area sa bansa. Itinuturing ng ibang linggwista na ang Cebuano ay isang diyalekto ng Bisaya, kasama ang Hiligaynon at Waray, na talagang magkaugnay. Sinasalamang ng wika ang background at kultura ng taong naninirahan doon. Ayon kay Salazar, ang wika ay panlipunan at pinagmumulan ng kultura. Ito ay nagpapakita na ang kultura at wika ay konektado. Ang bawat lugar na binibisita ng mga tao ay may iba't ibang kultura na ipinapahayag sa wikang kanilang ginagamit. Katulad ng Cebu Island, Cebuano ang tawag sa taong naninirahan doon, Sugbuhanon ang kanilang wika.

Ayon kay Jomer Loreca (2016), ang bilingguwalismo ay isang malawakang tinatalakay na linguistic phenomenon sa sosyolinggwistika. Ang pag-unlad ng wika ay nagpapakita ng malaking kontribusyon ng bilingguwalismo. Layunin ng pag-aaral na ito ay matuklasan ang karanasan atistratehiya ng mag-aaral sa asignaturang Filipino sa edukasyong bilingguwal. May mahalagang papel sila sa isyung ito at dapat na maipakita at maipahayag ang kanilang saloobin at karanasan sa programa sa itaas. Ang pananaliksik na ito ay nagpapakita at sumasagot sa tanong, na hindi pa alam ng marami. Ang epekto ng bilingguwal na edukasyon sa kasalukuyan at hinaharap na sistema ng edukasyon ay nagiging malinaw dito.

Ang terminong "bilingual na edukasyon" ay madalas tumukoy sa maayos na paggamit ng dalawang wika sa buong pag-aaral sa silid-aralan ng isang mag-aaral. Binibigyang-daan ng edukasyong bilingguwal ang mag-aaral na ganap makabisado ang kanilang unang wika habang pinapahusay ang kanilang kasanayan sa pangalawang wika sa larangan ng pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsulat. Sa ilalim ng pinakamahusay na kondisyon, ginagamit ng bata ang kanilang pangalawang katutubong wika upang makipag-usap sa iba, matagumpay na matapos ang kanilang pagaaral sa paaralan, at palawakin ang kanilang pagkakataong matuto, mamuhay, at magtrabaho kasama ang ibang salik ng mundo. Ayon kay Bernardo, A.B. (2005), sinasabi niya na ang bilingguwalismo ay may malalim na kasaysayan sa karanasan ng Filipino. Ngunit, may mga pag-aalinlangan tungkol sa kung paano ito nakakatulong sa proseso ng edukasyon. Partikular na may negatibong damdamin ukol sa paggamit ng code-switching sa pormal na edukasyon. Ito ay nangangahulugan na marami ang hindi pabor sa paghalo ng wika sa loob ng pormal na sistema ng pag-aaral dahil sa posibleng epekto nito sa malinaw na komunikasyon at pag-unawa.

Maaaring ituring ito ng ilan na maging sagabal sa pamamaraan na naging dahilan ng unti-unting pagkalaho ng isang wika habang ang isa pang wika ay natatamo (Lessow-Hurley, 2000). Ang mga naging karanasan ng isang mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ay maaaring iba-iba. May ilan na masigla at masaya ang karanasan sa pagsusuri ng sariling wika, samantalang may iba na maaaring makaranas ng pagsubok, lalo na kung ito ay hindi ang kanilang unang wika. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong siyasatin ang karanasan ng mag-aaral sa Filipino Medyor sa Bilingguwal na edukasyon. Ang edukasyong bilingguwal ay isa ring paraan upang mapanatili at buhayin ang mga lokal na wika na minsan nang nagiging biktima ng globalisasyon at urbanisasyon. Sa pamamagitan ng pagsasanay ng mga kabataan na gamitin ang kanilang mga lokal na wika sa akademikong konteksto, natutulungan silang maging mas kritikal at may malasakit sa pagpapanatili ng kanilang sariling identidad. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng Filipino at lokal na wika, mas nauunawaan at napagtanto ng mga kabataan ang halaga ng kanilang pinagmulan at kung paano ito nauugnay sa kanilang kasalukuyang lipunan.

Ateoretical na Posisyon

Upang maiwasan ang pagkiling, hindi nakaangkla sa anumang partikular na isang teorya ang pag-aaral na ito. Mapanghamon ngunit hindi makakamit na alisin ang sarili mula sa bias na kaalaman. Layun ng pananaliksik sa bahaging ito ay hindi tukuyin ang isang teorya upang suspindihin muna ang pagpapalagay upang maiwasan ang kontaminasyon ng pasaklaw na datos at para bigyang katwiran ang mga tema mula sa penomenon, na siyang kakanyahan ng kwalitatibong pananaliksik.

Ang pag-aaral ay sinuspinde rin ang lahat ng pagpapalagay na maaring ituring na kasalukuyan dahil ang likas na pananaliksik na ito ay hindi mahulaan ang kinalalabasan nito. Hindi nasuriang paniniwala ay isang bagay na itinuturing na hindi mahalaga dahil sa nakaraang karanasan bilang hinaharap na resulta ng pag-aaral. Bukod dito, ang pagsusuri ng kaugnay na literatura ay tumigil dahil ang layunin na makakuha ng unang kamay na resulta nang walang tulong ng naunang disertasyon at artikulo.



Gumagamit ng deskriptibong Husserl phenomenology na may layuning magtatag ng mahusay na pilosopikal at siyentipikong pananaw ang pag-aaral na ito. Ang tradisyong ito ng pagsusuri ay naglalayong tuklasin ang karanasan ng mga estudyanteng Filipino sa edukasyong bilingguwal. Inilarawan ito bilang kwalitatibo dahil may kasamang salaysay tungkol sa karanasan ng kalahok na estudyanteng Pilipino sa edukasyong bilingual. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong penomenolohiya. Sa paraan na ito, nilikha ang tema sa pagtatapos ng proseso ng pananaliksik.

Metodolohiya at Pamamaraan ng Pananaliksik Disenyo ng Pananaliksik:

Gumamit ng isang kwalitatibong pamamaraan batay sa Husserlian Descriptive Phenomenology upang suriin ang karanasan ng mag-aaral ng Filipino medyor sa Bilingguwal na edukasyon. Delve, Ho, & Limpaecher, A. (2022). Ang disenyo ng pananaliksik na Phenomenological ay nangangailangan sa mananaliksik na ilayo ang anumang priori na paniwala hinggil sa karanasan o phenomenon. Sa mas payak na paraan, ginagamit ng mananaliksik ang disenyo ng phenomenological research upang maunawaan ang pangkalahatang kalikasan ng isang phenomenon sa pamamagitan ng pagsusuri sa pananaw ng taong naranasan ito. Ang deskriptibong Penomenolohiya ay isang makapangyarihang paraan para maunawaan ang pesonal na karanasan at makuha ang kaalaman tungkol sa aksiyon at motibasyon ng tao. Ang phenomenology ay isang kapaki- pakinabang na metodolohikal na diskarte sa qualitative research. Binibigyang-daan nito ang mananaliksik na isantabi ang kanilang pananaw sa isang phenomenon at bigyan ng kahulugan ang karanasan ng isang kalahok. Ang paggalugad sa karanasan ng iba ay nagbibigay-daan sa dating hindi available na insight na matuklasan, Wirihana et al. (2018).

Lokasyon ng Pananaliksik:

Isinagawa sa Mandaue City College ang pag-aaral, ito ay matatagpuan sa Don Andres Soriano Ave, Centro Mandaue City. Pinili ang paaralan na ito dahil ito ay nag-aalok ng BSED-medyor sa Filipino at ang aming target na respondente ay kumukuha ng kursong Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon sa Filipino mula unang taon hanggang sa ikatlong taon sa kolehiyo. Ang mananaliksik ng pag-aaral mismo ay mag-aaral sa Mandaue City College. Ang aming respondente ay mag- aaral lamang na ang unang lengguwahe ay Cebuano. Napili ang respondenteng ito, dahil hindi sila bihasa sa pagsasalita ng wikang Filipino.

Respondente:

Ang napagkasunduang bilang ng respondente sa pag-aaral ay nasa sampu na estudyante (10) sa Mandaue City College na naka enroll sa programang Filipino, mula unang taon hanggang sa ikatlong taon sa kolehiyo. Ang respondente ay napili sa kadahilanang ito ay may kaugnayan sa kanilang kursong pinag-aralan. Para mapadali ang pangangalap ng datos, pumili ang mananaliksik ng estudyante na bakante ang panahon at pagkakataon para sa pagsasagawa ng panayam.

Para sa malalimang pagsusuri ng karanasan ng mag-aaral na naka-enroll sa programa ng Filipino sa Mandaue City College, ang pananaliksik ay gumamit ng purposive sampling. Itinuturing na angkop ang purposive sampling sa pag-aaral dahil ito ay nagbibigay pagkakataon para sa masusing pagpili ng respondente. Layon sa pag-aaral na masusing siyasatin ang karanasan, perspektiba, at mga hamon na kinkaharap ng mag-aaral sa pogramang Filipino. Ang magiging resulta ng pagsagot ng respondente sa tanong ng mananaliksik, ay ang magiging batayan at pundasyon para sa kongklusyon ng pananaliksik.

Instrumento:

Ang semi-structured interview guide questionnaire ay ginamit bilang instrumento sa itong pag-aaral. Sinuri at pinatunayan sa tatlong eksperto at paunang sinubok ng isang populasyon na hindi kasama sa pag-aaral. Ang panayam na batay sa mananaliksik na isinagawa para sa pag-aaral na ito ay gumamit ng bukas na tanong para magbigay ng kakayahan na umangkop at hikayatin ang nakapanayam na talakayin ang kanilang karanasan nang mas detalyado. Ito ay isang qualitative research method na nagpapahintulot sa tagapanayam na magtanong sa isang bukas na paraan upang tuklasin ang paksa ng pananaliksik nang mas malalim at upang bigyang-daan ang flexibility ng kinakapanayam na talakayin ang kanilang karanasan nang mas detalyado. Gumamit ang mananalisk ng interbyu o



talatanungang pamamaraan sa pagkalap ng datos upang malaman ano ang maging tugon ng mga kalahok sa suliranin upang masuri. Ang pamamaraan ng panayam na nakabatay sa mananaliksik ay isang husay na diskarte sa pananaliksik na naging tulay sa tagapanayam na magtanong ng bukas na tanong, na nagpapadali ang makabuluhang paggalugad ng paksa ng pananaliksik (Ravitch et al., 2016).

Ang unang bahagi ng panayam ay may kasamang serye na makakatulong na siyasatin ang karanasan ng estudyante sa bilinggual na edukasyon. Paano nakakaapekto ang bilingguwal na edukasyon sa asignaturang Filipino. At ang pang huli, ano ang personal na estratehiya na ginawa ng mag-aaral para mas mapalawak pa ang kanilang kaalaman sa asignaturang Filipino sa tulong ng bilingguwal na edukasyon. May kaugnayan din ang paggamit ng audio recording para sa pag-aaral upang maitala nang wasto ang mahahalagang impormasyong nakalap mula sa mga impormante para sa paggamit sa pag-aaral. Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa impormante na gumamit ng audio recording at tiniyak ang nakalap na datos ay magiging kumpidensyal. Ang nakalap na datos ay sinuri upang mabuo sa pinakamahasag na rekomendasyon at konklusyon para sa pananaliksik.

Matapos maaprubahan ang pamagat, inihanda ng mananaliksik ang manuskrito at maghanda ng sulat na sa tagapayo na humihingi ng pahalintulot para sa pagpupulong ng mananaliksik para sa koreksyon at iba pang payo na maaring ibigay para sa pagpapabuti ng pag-aaral at ang pagdinig sa disenyo. Ang mananaliksik ay sumailalim sa isang pagdinig ng disenyo. Pagkatapos, susundan ng mananaliksik ang komento at mungkahi ng panelista sa matalim na pagsusuri ng paunang manuskrito para sa pagbabago. Pagkatapos nito, ang tagapayo sa pananaliksik ang mangangasiwa upang suriin kung ang mungkahi ay nasunod ng mananaliksik. Pagkatapos ng masusing pagsusuri at pagsasangguni ng tagapayo sa pananaliksik, susundan ng mananaliksik ang mungkahi at isusumite ang kinakailangang dokumento. Aktwal na Pagkuha ng Datos, isinumite sa Dekana ng Kolehiyo ng Edukasyon para sa pahintulot na magsagawa ng panayam sa iba't ibang opisina ng Mandaue City College, ang pinayagang sulat ng transmittal ay. Pagkatapos makuha ang pinayagang sulat ng transmittal, itinatakda ng mananaliksik ang iskedyul para sa tinukoy na tagapagbigay impormasyon tungkol sa kanilang oras at saan gaganapin ang panayam. Ang pag-aaral ay voluntary; maaaring tumanggi ang tagapagbigay impormasyon na lumahok sa pagsasaliksik. Sa pagkuha ng datos, isinasagawa ng mananaliksik ang isang one-on-one na panayam sa tagapagsalita, na magiging gabay sa respondente sa pamamahala ng istrukturadong panayam. Ginamit ng mananaliksik ang isang semi-structured na instrumento sa pagsasaliksik. Ang tanong ay binuo sa panayam sa pamamagitan ng pag-modipika ng tanong mula sa kaugnay na pananaliksik. Upang ma-transcribe nang maayos, ginamit ng mananaliksik ang isang digital tape recorder matapos humingi ng pahintulot mula sa pangunahing tagapagsalita. Ang pagkuha ng datos ay naganap noong Marso. Pagkatapos ng Pagkuha ng Datos, matapos kunin ang datos, isinusulat ng mananaliksik ang inirekord na audio at isinasalin ang sagot sa Filipino. Pagkatapos isalin at itranskrip ang narekord na datos, maingat na inaanalisa ng mananaliksik ang sagot para sa interpretasyon. Batay sa resulta ng nakalap na datos, bumuo ng konklusyon at rekomendasyon ang mananaliksik para sa pag-aaral na ito. Lahat ng nakalap na datos ay maingat na iniingatan.

Pamamaraan sa Pagkolekta ng Datos:

Ang bahaging ito ay naglalahad sa mga proseso sa pangangalap ng datos na binubuo ng Bago ang Pangangalap ng Datos, Aktwal na Pangangalap saka Pagkatapos Mangalap ng Datos.

Pagsusuri ng Datos:

Ginamit ng pag-aaral ng pananaliksik na ito ang Colaizzi Phenomenological Data Analysis, na isang paraan ng husay na kilala sa higpit at lakas nito. Ayon kay Wirihana et al. (2018c), ang pamamaraan ni Colaizzi (1978) ng pagsusuri ng data ay mahigpit at matatag, at samakatuwid ay isang paraan ng husay na tumitiyak sa kredibilidad at pagiging maaasahan ng mga resulta. Binibigyang-daan nito ang mananaliksik na ihayag ang umuusbong na tema at ang kanilang pinag-uugnay na relasyon. Dapat isaalang ng mga mananaliksik na gumagamit ng descriptive phenomenological approach ang paggamit ng paraang ito bilang isang malinaw at lohikal na proseso kung saan maaaring tuklasin ang pangunahing istruktura ng isang karanasan. Ang diskarte ni Colaizzi (1978) sa pagsusuri ng data ay nagbibigay sa mananaliksik ng isang komprehensibo at maaasahang pamamaraan para sa pagtukoy ng tema sa kumplikadong relasyon. Ang Kaufmann (2020) ay tumutukoy sa Morrow et al. (2015) at Reiners (2012) upang i-highlight na ang pamamaraang ito ay nag-aalok ng isang lohikal at malalim na proseso upang galugarin ang pangkalahatang istruktura ng karanasan, Turunen, Perala, and Merilainen (1994) at Morrow, Rodriguez, and King



(2015) ay nagbubuo ang pitong hakbang ng pamamaraan ni Colaizzi. Ang mananaliksik ay lubusang nakikinig at nauunawaan ang salaysay na ibinigay ng mga respondente; na tinitiyak ang kumpletong pag-unawa sa kanilang mga karanasan ng mga mag-aaral sa Filipino sa bilinggwal na edukasyon. Kabilang dito ang pakikinig sa na-record na audio, pag-transcribe nito, at pag-pamilyar sa sarili sa mga transcript.

Pamantayan para sa Pagkakatiwalaan:

Ang pakikipag-ugnayan sa respondente, kahit papaano ay malaki ang tiwala. Bago ang panayam, makikipag-usap ang mananaliksik sa respondente upang maihayag ang katangian ng pananaliksik ng pag-aaral at makuha ang tiwala ng mga respondente. Ang pagkakaugnay ay itinatag sa pagitan ng tagapanayam at kinakapanayam na nalalaman ang katotohanan ng impormasyong ibinigay. Ang mananaliksik ay masyadong maingat sa pagharap ng kanilang tanong na maaaring sensitibo at maselan na sagot o marahil, mga tanong tungkol sa personal na impormasyon. Upang mapangalagaan ang respondente, ang mananaliksik ay nagpapatibay ng tiwala at kumpiyansa sa kanila upang hikayatin ang katapatan sa pananaliksik, bantayan laban sa maling pag-uugali at kabastusan ng mga institusyon, makayanan din ang bagong hamon at isyu.

Etikal na Pagsasaalang-alang

Ang mga etikal na pagsasaalang-alang ay isinasalang-alang para matiyak ang kapakanan ng kalahok sa mga proyekto ng pananaliksik. Tinitiyak ng mananaliksik na ang kalahok ay maaaring magpasya kung lalahok o hindi, ang kanilang awtonomiya ay pinananatili. Tinitiyak ng mananaliksik na ang pagiging kompidensiyal ng mga respondente ay pinananatili. Ang data na nakolekta ay ginagamit lamang para sa layunin ng pananaliksik at nananatiling ligtas. Tinitiyak ng mananaliksik na ang lahat ng intelektwal na ari-arian na nagreresulta mula sa pananaliksik ay protektado at ang ari-arian ay hindi ililipat. Tinitiyak ng mananaliksik na ang pag-aaral ay isinasagawa sa egal at napapanahong paraan at ang lahat ng data ay tumpak na naitala at naiulat. Tinitiyak ng mananaliksik na ang isinagawang pananaliksik ay isinasagawa sa paraang iginagalang ang kultural na halaga at paniniwala ng isang kalahok. Ang sumusunod na etikal na pagsasaalang-alang ay isinasalang-alang para matiyak ang kapakanan ng kalahok sa mga proyekto ng pananaliksik: Paggalang sa awtonomiya. Tinitiyak ng mananaliksik na ang kalahok ay maaaring magpasya kung lalahok o hindi, ang kanilang awtonomiya ay pinananatili. Paggalang sa privacy. Tinitiyak ng mananaliksik na ang pagiging kompidensiyal ng mga respondente ay pinananatili. Ang data na nakolekta ay ginagamit lamang para sa layunin ng pananaliksik at nananatiling ligtas.

Paggalang sa intelektwal na ari-arian. Tinitiyak ng mananaliksik na ang lahat ng intelektwal na ari-arian na nagreresulta mula sa pananaliksik ay protektado at ang ari-arian ay hindi ililipat. Integridad. Tinitiyak ng mananaliksik na ang pag-aaral ay isinasagawa sa egal at napapanahong paraan at ang lahat ng data ay tumpak na naitala at naiulat. Paggalang sa pagkakaiba-iba ng kultura. Tinitiyak ng mananaliksik na ang isinagawang pananaliksik ay isinasagawa sa paraang iginagalang ang kultural na halaga at paniniwala ng isang kalahok.

UMUUSBONG NA MGA TEMA

Mula sa apatnapu't walo (48) na makabuluhang pahayag ng impormante, walong (8) na nabuong kahulugan. Ang sumusunod ay: Ang ilang estudyante ay nahihirapan sa pag-unawa sa talakayan at aralin, sa kadahilanang sa kahirapan ng ilang salitang Filipino o mga parirala na may malalim o teknikal na kahulugan (NK1) Preferensya ng paggamit sa wikang Filipino sa talakayan (NK2). Pag-unawa ng estudyante sa talakayan sa pamamagitan ng paggamit Cebuano/Bisaya (NK3). Mas madaling mauunawan ng mag-aaral ang isang talakayan kapag gagamit ang isang guro ng bilinggwal (NK22). Pagsasaliksik at pagtatanong sa guro ng salita na hindi alam ang kahulugan. (NK5) Gumagamit ang mag-aaral ng teknolohiya katulad ng laptop, selpon katulad ng Google sa pag-unawa sa mga parirala sa Filipino (NK35). Ang pagsasama ng wikang Cebuano sa pagtuturo ay dapat gawin lamang paminsan-minsan at hindi dapat palaging gamitin, lalo na kung karamihan sa estudyante ay hindi lalong na nauunawaan ito (NK8). Sa paggamit ng isang wika na mas madaling maintindihan sa pagtuturo na maaaring magbigay ng mas malinaw na paliwanag, na nagpapatibay sa pag-unawa ng aralin at nagreresulta sa mas mataas na marka sa mga pagsusulit. (NK16)



Mula sa walong (8) nabuong kahulugan na iyon, mayroong walong (8) nakumpol na temang nalikha. Ang mga sumusunod ay: Kahirapan sa pag-intindi ng malalim na salita sa Filipino (NT1), Pag-unawa sa talakayan sa pamamagitan ng paggamit ng Unang wika (NT2), Epektibong paggamit ng bilingguwal sa talakayan (NT3), Pananaliksik at Pagtatanong para sa klaripikasyon (NT4), Pananaliksik at Pagsasalin sa Teknolohiya (NT5), Balanseng paggamit ng bilinggual batay sa pangangailangan ng mag-aaral (NT6), Balanseng paggamit ng bilinggual sa pagtuturo (NT7), Epekto ng Bilinggual na Paraan sa Pagtuturo sa Pagtaas ng Marka ng Mag-aaral (NT8). Sa huli 5 tema ang lumabas mula sa 48 na makabuluhang pahayag ng impormante, na nagbubuo sa buong karanasan ng estudyante sa Filipino sa bilinggual na edukasyon.

Tema 1: Kahirapan sa Pag-unawa ng mga malalim na salita sa Filipino

Ang kahirapan sa pag-unawa ng malalim na salita sa Filipino ay isang isyu na tumatalakay sa kakulangan ng indibidwal sa pag-unawa ng masalimuot o malalim na salita sa wikang Filipino. Ito ay maaaring sanhi ng limitadong bokabularyo, kakulangan sa pagbabasa at pagsasanay sa Filipino, at epekto ng paggamit ng Ingles sa pag-unawa ng Filipino.

Talahayanan 1. Clustered na Tema mula sa nabuong Tema

Ang mga subtema ay kinuha mula sa nabuong mga kahulugan. Sa ibaba ay nabubuo kung paano lumabas ang mga clustered na temang ito ay batay sa mga;

1.1 Pag-unawa sa talakayan sa pamamagitan ng paggamit ng Unang wika

“Mas maintindihan ng mga estudyante kung gagamit ng Cebuano sa talakayan ng kanyang klase,”

Respondente 1 (lina 3)

“Mas maintindihan ko yung mga tinatalakay ng guro kung gagamit ng Bilinggwal salita, dahil minsan nahihirapan ako sa pagtatagalog,” Respondente 3 (Lina 9)

Ang kakulangan ng sapat na bokabularyo ay maaaring maging hadlang sa kanilang kakayahan na maipahayag ng maayos at malinaw ang kanilang mga ideya. Ang ganitong kakulangan ay maaaring magdulot ng pagkabigo ng pagpapahayag sa kanilang kaisipan. Ang kakulangan sa pagkakaroon ng kaalaman sa iba't ibang termino ay maaaring maging hadlang sa tamang paggamit ng wika at pagbuo ng maayos at wastong pangungusap. Ang hindi pagiging pamilyar sa iba't ibang termino ay maaaring magdulot ng pagkabigo ng pag-unawa at pagpapahayag ng kanilang kaisipan sa pagsulat ng sanaysay.

Ayon kay Sebulen (2023), napakaraming dahilan kung bakit nahihiya o hindi komportable magtanong ang isang estudyante tungkol sa paksang pinag-aaralan, isa na nga dito ang mahirap na pagbuo ng tanong dahil sa hindi gaanong pamilyar sa salita at kaunting kaalaman sa gramatika ng wikang ginagamit sa araw-araw. Ang kakulangan ng nalalaman na salita at kaunting kaalaman sa gramatika ng wikang ginagamit ang isa sa pangunahing rason kung bakit ayaw magsalita ang isang estudyante tungkol sa paksang pinag-aaralan. Kapag limitado ang bokabularyo ng isang mag-aaral at hindi niya masyadong nauunawaan ang salitang ginagamit sa paksang pinag-aaralan, maaaring mahirapan siya na bumuo ng malinaw at angkop na tanong. Bukod dito, kung kulang ang kaalaman niya sa tamang paggamit ng gramatika ng wikang ginagamit sa klase, maaaring mag-atubili siyang magtanong dahil natatakot siyang magkamali o hindi malinaw ang kanyang itatanong. Ito rin ay maaaring magdulot ng pagkaantala sa pag-unlad ng kanyang pag-unawa sa paksa at makaapekto sa kanyang akademikong pagganap.

Tema 2: Pananaliksik at Pagtatanong para sa klaripikasyon

Ang pananaliksik at pagtatanong para sa klaripikasyon ay dalawang mahahalagang proseso ng pag-unawa sa isang paksa. Ito ay paraan upang mapabuti ang kaalaman at mapalakas ang pag-unawa sa konsepto at ideya na hindi pa lubos na nauunawaan. Sa pamamaraan ng paggawa ng pananaliksik at pagtatanong para sa klaripikasyon, ang mag-aaral ay maaring mapabuti ang kanilang bokabularyo at pag-unawa sa wika, maging mas aktibo at mapagmasid sa kanilang pag-aaral, mapabuti ang kanilang kakayahang mag-isip.

2.1 Pananaliksik at Pagsasalin sa Teknolohiya

“Para mas maunawaan ko ang mga salita ay magtatanong ako sa mas nakakaalam o yung uso ngayon research o sa google,” Respondente 2 (Lina 11)



“Nahihirapan ako sa asignaturang yung sa Filipino yung pagsasalin dahil may mga salita sa Inglis na pag mag salin pala sa Filipino ay meron itong mga termino, pero ang dahilan ay limitado lang ang ibigay ng google,” Respondente 6 (Linya 31)



Ang pananaliksik ay sistematikong proseso ng paghahanap at pag-aaral ng impormasyon para sa layunin ng pagdagdag sa kaalaman. Pagtatanong para sa klaripikasyon ay isang kritikal na kasangkapan sa komunikasyon at pag-aaral. Ito ay tumutulong sa pagtiyak na tama at malinaw ang pagkaunawa sa isang impormasyon o konsepto. Samakatuwid, ang pananaliksik at ang kasanayan sa pagtatanong ay nagtutulong upang mas mapahusay ang ating kaalaman at masigurong ang mga natutunan ay may kalidad, malinaw, at mapagkakatiwalaan.

Ang mga estudyante ay madalas umaasa sa mga online tool, gaya ng Google, para makahanap ng impormasyon at maunawaan ang mga salita. Ito ay nagpapakita ng kasalukuyang pagkiling sa teknolohiya bilang pangunahing kasangkapan sa pananaliksik. Bagama't madalas gamitin ang mga online tool tulad ng Google Translate, hindi nito lubos na natutugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyante, lalo na sa mga mas komplikadong asignatura tulad ng pagsasalin. Ang mga tool na ito ay may limitasyon sa pagbibigay ng tamang mga termino o tamang pagsasalin ng mga salita mula sa Ingles patungo sa Filipino. Ayon sa pag-aaral nina Añonuevo at Nocum (2015), patuloy na pag-unlad ng tinatahanang mundo, lumaganap ang bagong teknolohiya sa bawat sulok ng Pilipinas. Bagama't maraming magagandang epekto ang paggamit ng tinatawag na modernong teknolohiya sa komunikasyon, nagdudulot din ito ng mga problema sa hinaharap para sa ilang Pilipino. Kabilang sa mga halimbawa nito ang mapanlinlang na pagbuo o pagbabago ng salita, gaya ng maling grammar o paggamit ng mga salitang mali ang spelling. Maaari rin itong maging sanhi ng pagkakahati at diskriminasyon ng mga tao batay sa wikang kanilang ginagamit. Ang teknolohiya ay nagbibigay oportunidad para sa pakikipagkomunikasyon at makapag-aral nang mas madali. Ang paggamit ng teknolohiya ay dapat bigayan ng limitasyon upang hindi nakakaapekto sa kanilang pag-aaral. Bagamat malaking tulong ito sa kanilang pag-unawa sa kanilang mga leksyon dahil ito nagiging daan upang mapadali ang kanilang paghahanap ng kahulugan ng mga salita at tamang gramatika sa Filipino.

Tema 3: Epektibong paggamit ng bilingguwal sa talakayan

Ang epektibong paggamit ng bilingguwal sa talakayan ay nagbubunga ng positibong resulta sa estudyante at sa proseso ng pagtuturo mismo. Ito'y nagbibigay ng mas malawak na saklaw ng pag-unawa sa mga konsepto at ideya. Sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng isang paksa sa dalawang wika, mas madaling maintindihan ng estudyante ang ideya at maihahambing ang ito sa kanilang sariling karanasan. Ang paggamit ng bilingguwalismo sa talakayan ay posibleng magresulta sa mataas na antas ng interes at motibasyon. Ito'y sapagkat ang estudyante ay nakakaranas ng malaking kasiyahan sa pag-aaral kapag nakakamit nila ang tagumpay sa pag-unawa at paggamit ng dalawang wika.

3.1 Balanseng paggamit ng bilingguwal batay sa pangangailangan ng mag-aaral

“Ah, ang paggamit ng Cebuano ng guro sa pagtuturo ay dapat maayos at may tamang balanse, dapat gamitin ang Cebuano kapag ito'y makakatulong sa pag-unawa at pagpapaliwanag ng mga kaisipan sa Filipino or sa halimbawa sa context, sa konteksto o sitwasyon kung saan ang mga mag-aaral, kung saan ang mga mag-aaral ay lubos na nasa katarungang magbahagi ng karunungan at pag-unawa tungkol sa kanilang katutubong wika,” Respondente 3 (Linya 18)

“Maaaring magkaroon ng positibong epekto sa aking pag-unawa sa mga talakayan. Ito ay dahil sa, ito ay dahil ang paggamit ng ibang wika tulad ng Cebuano upang ipaliwanag ang isang konsepto sa Filipino ay makakatulong sa pagkakaintindi ko dahil may kakayahang magbigay ng mga halimbawa,” Respondente 3 (Linya 15)

Sa pamamagitan ng balanseng paggamit ng L1 at L2, ang guro ay nagbibigay daan sa mag-aaral na maintindihan ang konsepto at aralin sa kanilang pinakamalalim na antas ng pag-unawa. Ang pagiging natural ng paglipat mula sa unang wika patungo sa pangalawang wika ay magiging komportableng kapaligiran sa pag-aaral na nagpapalakas sa kanilang kasanayan at pag-unawa sa iba't ibang asignatura. Sa ganitong paraan, ang balanseng paggamit ng L1 at L2, ay nagbibigay ng malalim na pag-unawa at pagtanggap sa aralin, na naglalayong mapabuti ang pagtuturo at pag-aaral ng estudyante na may maraming antas ng kasanayan sa wika at asignatura.

Tema 4: Preferensya sa paggamit ng wikang Filipino sa mag-aaral



Ang preferensiyang paggamit ng wikang Filipino ay tumutukoy sa pagnanais o pagpili ng mag-aaral na gamitin ang wikang Filipino sa pag-aaral at pang-araw-araw na komunikasyon. Ang respondente ng pag-aaral na ito ay magaaral sa Filipino, kaya't mas gustong gamitin ng mag-aaral ang wikang Filipino nang mas maging hasa sila sa pagsasalita at paggamit nito. Ang aktibong paggamit sa Filipino sa loob at labas ng klasrum ay nagdudulot ng mataas na antas ng kagalingan sa pagsasalita. Sa pamamagitan ng regular na pagsasanay ng wikang Filipino sa iba't ibang konteksto, nagiging mahusay ang mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang ideya at emosyon.

“Okay lang gagamit siya ng bisaya, pero mas pabor ako sa paggamit ng Filipino, para ang estudyante marunong magsalita ng Filipino,” Respondente 2 (linya 2)

“Para sa akin, siguro sa pag diskusyon sa amin. Pero dapat ay paminsan minsan lang ang Bisaya at madalas ang Filipino,” Respondente 2 (linya 12)

Ayon kay Dominguez (2022), mas madaling maunawaan ang terminolohiya, mas malayang maipahayag at maibahagi ang ideya, at para madaling maipaliwanag ng guro ang paksa. Bilang konklusyon, ipinakita ng pananaliksik na ito na ang wikang Filipino ay ginagamit sa mga diskusyon sa agrikultura. May mga pagkakatulad sa pagitan ng mga pananaw ng guro at mag-aaral. At pareho silang naniniwala na makakatulong ang wikang Filipino sa kanilang diskusyon. Hinihikayat ka naming ipagpatuloy ang paggamit ng Filipino sa iyong mga talakayan at bigyan ang iyong mag-aaral ng kanilang sariling pagsasanay sa paggamit Filipino upang magamit nila ang Filipino nang mas mabisa at mahusay sa kanilang talakayan.

Para maging mabisa at mahusay ang paggamit ng wikang Filipino sa diskusyon, iminumungkahi na patuloy itong gamitin upang magkaroon ng sariling pagsasanay ang mag-aaral sa paggaamit ng wika. Sa ganitong paraan, lalo pang mahuhusay ang kanilang kakayahang makipagtalastasan at maipahayag ang kanilang kaisipan gamit ang pambansang wika. Ang paggamit ng wikang Filipino sa talakayan sa agrikultura ay nagpapakita na nagagamit ito sa paksang teknikal at nakatutulong ito sa mas mabisang komunikasyon at pag-unawa sa pagitan ng guro at mag-aaral. Ito ay nagdudulot ng kagalingan sa paggamit Filipino lalo na sa Filipino medyor.

Tema 5: Epekto ng Bilingguwal na Paraan sa Pagtuturo sa Pagtaas ng Marka ng Mag-aaral

Ang bilingguwal na paraan sa pagtuturo, kung saan ginagamit ang parehong L1 at L2 bilang mga wika ng pagtuturo, ay mayroon itong malaking bunga sa pagtaas ng marka ng estudyante. Ang paggamit ng dalawang wika ay nagbibigay ng oportunidad na ipaliwanag ang mga komplikadong ideya sa mas simpleng paraan, gamit ang L1, at pagkatapos ay pagtibayin ito sa L2 para sa mataas na pagkatuto. Ang nagkakaroon ng kakayahan na mag-aaral at magpahayag sa dalawang wika ay nagdudulot ng mas mataas na kumpiyansa sa sarili ng mag-aaral.

“Hindi, dahil nakadepende sa estudyante kung gagawin niya ang lahat para makakuha ng mataas na marka,” Respondente 1 (Linya 4)

“Oo, dahil kagaya ng sinabi ko hindi ako purong tagalog o Filipino, kaya mas nakakatulong sa pagkuha ng mataas ng marka kung gagamit ang guro ng Bilinggwal,” Respondente 2 (Linya 10)

Ayon kay Gorgonio (2012), magbibigay ng makabuluhang rasyonalisasyon tungkol sa paggamit ng unang wika (L1) at pangalwang wika (L2) sa pagtuturo kung maaari itong maitaguyod ng mahusay na pagganap sa akademiko at pagkuha ng mataas na marka ng estudyante sa isang paksa.

Ayon kay Abduh (2017) Ang epektibong pagpapatupad ng bilingguwal na edukasyon ay naiimpluwensyahan ng iba pang tampok tulad ng positibong interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral, kawani at moral ng guro, at kulturang sumusuporta sa bilingguwal na edukasyon. Ito ay maging matagumpay sa pagtaguyod ng akademikong tagumpay o iba pang akademikong resulta. Ang positibong interaksyon ng estudyante ay mahalaga sa epektibong pagpapatupad ng bilingguwal na edukasyon. Ang guro ang pangunahing tagapagpamahagi ng kaalaman at kasanayan sa mag-aaral



sa Filipino, kaya ang kanilang kakayahang makipag-ugnayan at makipagtulungan sa mag-aaral ay nakakaapekto sa pag-unlad ng ito. Ang kawani at moral ng guro ay nakakaapekto rin sa kanilang kakayahang magturo nang epektibo. Ang guro na may mataas na morale at kasiyahan sa kanilang trabaho ay mas malamang na maging epektibo sa pagtuturo.

Ang mga mag-aaral ay may magkahalong pananaw tungkol sa epekto ng bilingguwal na paraan ng pagtuturo sa kanilang akademikong pagganap. Para sa iba, mas pinahalalagahan ang personal na pagsisikap at determinasyon sa pag-abot ng mataas na marka, habang ang ilan naman ay naniniwala na ang paggamit ng bilingguwal na pagtuturo ay isang mabisang paraan upang mas maunawaan ang mga leksyon at mapabuti ang kanilang akademikong tagumpay. Sa pangkalahatan, ang bilingguwal na edukasyon ay tumutulong sa mga mag-aaral na mas matuto ng Filipino bukod sa lokal na wika upang mas madali at maging mas mahusay sa parehong wika. Ang pag-unawa sa dalawa o higit pang wika ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maging mas kritikal, umangkop, at handa para sa akademikong atensyon. Ang bilingguwal na edukasyon ay patuloy na nagpapakita na ito ay isang mahusay na paraan upang mapabuti ang wika, kultura, at kasanayan ng mga mag-aaral.

Konklusyon:

Ang karanasan ng estudyante sa bilingguwal na edukasyon ay nagpapakita ng malaking epekto sa kanilang pagunawa at pagkatuto sa asignaturang Filipino. Matapos ang masusing pananaliksik, napag-alaman na ang paggamit ng bilingguwal sa mga talakayan ay napapadali ang kanilang pagkatuto sa asignaturang ito. Nagkakaroon din ng malaking ambag ang unang wika sa pagsasanay sa pangalawang wika, upang matamo ang kabuuang pagkatuto ng isang estudyante. Ang ilang mag-aaral ay maaaring masanay sa code-switching o pagpapalit ng wika batay sa konteksto, at maaaring makakatulong ito sa kanilang mas malalim na pag-unawa sa Filipino. Base sa mga pahayag ng impormante, nangangailangan pa rin ng paggamit ng online tool at diksyunaryo sa pagsaliksik ng kahulugan para sa mga malalim na salita. Bawat estudyante ay may sari-sariling estratehiya upang matamo ang kabuoang pagkatuto nila. Kaya naman ang mga mag-aaral ay gustong gumamit ng sariling wika sa pag-aaral ng Filipino sa silid-aralan, at ang bilingguwalismo ay tumutulong sa mga mag-aaral na matuto ng Filipino at ito ay nagpapakita sa pag-unlad ng wika ng mga mag-aaral na epektibo.

Limitations and Further Research

Matapos ng lubusang kinakailangan ng datos binuo ng mananaliksik ang sa rekomendasyon. Nararapat ang parehong pag-aaral ay dapat isagawa na may malaking sample. Mapapalakas ang magiging maasahan at bisang pagkatulad pag-aaral sa pananaliksik, kung mas malawak na populasyon ang sasagot. Mag-aaral sa Filipino, nararapat balansehin sa paggamit ng unang wika at ikalawang wika sa pagsasanay sa wikang Filipino. Malaki parin naman ang tulong ng bilingguwalismo sa edukasyon, ngunit nararapat hindi kakaligtaan na mas pag-aralan at matuto sa paggamit ng wikang Filipino dahil ang halaga nito sa ating pag-aaral ay malaki. Para sa mga propesor ng asignaturang Filipino, na nararapat na hikayatin ang mag-aaral ay nagbabahagi ng kanilang mga ideya gamit sa kanilang sariling wika kasabay na gamitin ang wikang Filipino sa diskurso na maging epektibo at interesado para sa mga mag-aaral at pagtuklas ng bagong kaaalaman. Para sa susunod na mananaliksik, ay gawing halimbawa ang pag-aaral na ito para magsilbing palawakin at liinawin patungkol kung gaano kahalaga ang L1 sa pagpapaliwanag sa talakayan at para mas maliwanagan at maintindihan din ang ito. Ang pag-aaral na ito ay nakapokus lamang sa mga mag-aaral Mandaue City College na kumukuha ng BSED-medyor sa Filipino. Maaaring isagawa ang pag-aaral sa ibang paaralan, upang suriin ang epekto sa kanilang pag-unawa at pagkatuto sa asignaturang Filipino sa bilingguwal na edukasyon.

Mga sanggunian:

Butzkamm, W. (2007). The Bilingual Reform. A Paradigm shift in Foreign Language Teaching.
<https://doi.org/10.1080/13670050.2013.776843>

Collier, V. P., & Thomas, W. P. (2004). The astounding effectiveness of dual language education for all.



ResearchGate.

Crossman, A. (2020). Understanding purposive sampling. An overview of the methods and its applications. "Edukasyong Bilinggwal" Introduksyon - Studocu.

Dunn, D. (2021). The Importance of Writing Skills for Students. The Asian School.
<https://doi.org/10.1017/s2045796021000561>

Finlay, L. (2002). "Outing" the researcher: The provenance, process, and practice of reflexivity. *Qualitative Health Research*, 12(4), 531–545 <https://doi.org/10.1177/104973202129120052>

García, O. (2011). *Bilingual education in the 21st century: A global perspective*. John Wiley & Sons
<https://doi.org/10.1080/09500782.2021.1958834>

H, L. (2023b, August 30). What is Phenomenological Research Design? — Delve. Delve. LibGuides: Qualitative study design: Phenomenology. (n.d.-b).

McLeod, S. (2018) Questionnaire Definition, Examples, design and types. – References –Scientific Research Publishing. (n.d.). doi: 10.4236/oalib.1108112.

Gilana, A., & Marbella, F. (2023). E-Gramatika: Elektronikong modyul sa pagtuturo ng balarilang Filipino. *International Journal of Research Studies in Education*, 12(8). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.6>

Santosa Vocational, A., Saputra, A. D., & Susanto, A. (2019). The Role of Writing Skills in Developing Academic Performance of High School Students. *International Journal of Advanced Research in Management*. DOI:10.2991/adics- elssh-19.2019.8

Taylor, J. L. W. (2012). The use of saturation in qualitative research. ResearchGate. DOI:10.1007/s11135-017-05748

Trigueros, R., Juan, M., & Sandoval, F. H. (2017). QUALITATIVE AND QUANTITATIVE RESEARCH INSTRUMENTS
Research tools. ResearchGate. DOI:10.13140/RG.2.2.30033.25442

Wirihana, L., Welch, A., Williamson, M., Christensen, M., Bakon, S., & Craft, J. (2018c). Using Colaizzi's method of data analysis to explore the experiences of nurse academics teaching on satellite campuses. *Nurse Researcher*, 25(4), 30–34. DOI: 10.7748/nr.2018.e1516